

Paglalakbay Tungo sa Kaligayahan

A Lord's Flock General Assembly Topic

Ni: Fr. Bong Guerrero

Setyembre 03, 2022

Madalas mali ang pagkaka-intindi sa ang kaligayahan ang ating hantungan. Gayunpaman, ito ay paglalakbay at pagpili. Hindi lahat ng bagay ay dapat perpekto upang maging masaya, dahil ang kaligayahan ay mas matatagpuan sa mga di inaasahang mga pangyayari. Kaya nating baguhin ang ating pananaw tungkol sa kaligayahan kapag tayo ay nakabuo ng mabuting relasyon sa Diyos. Bilang Kristiyano, hanapin natin ang kaligayahan sa Diyos at ibibigay Niya ang lahat ng ating ninanais. Sa gayon, dapat nating isuko ang ating sarili sa Panginoon, magtiwala sa Kanya, at siguradong tutulungan Niya tayo (Awit 37:4-5).

A. Dalawang uri ng sagabal sa ating Kaligayahan.

1. Hindi ko kayang baguhin ang tao. May iba't-ibang uri ng pag-uugali ang pumipigil sa atin upang maging masaya.

1.1. Nakararanas tayo ng mga pagsubok sa buhay. Gayunpaman magalak tayo kapag nakararanas ng ibat-ibang uri pagsubok (Santiago 1:2).

1.2. Nalulungkot tayo kapag tayo ay nabigo sa ating mga hangarin. Subalit ang Diyos ay nakikinig sa ating mga pagluha at pighati (Awit 18:3).

1.3. Hindi tayo masaya dahil sa kasalatan sa pera, ngunit pupunan ng Diyos ang lahat ng ating pangangailangan (Filipos 4:19).

1.4. Nagdadalamhati ang ating puso kaya nga't ating idulog sa Diyos ang ating mga alalahanin para bibigyan Niya tayo ng lakas upang makalampas sa sakit at hilahil na dulot nito. "Ipagkatiwala ninyo sa Kanya ang inyong mga kabalisan sapagkat siya ang kumukupkop sa inyo." (1 Pedro 5:7)

2. Wala akong kakayanang mag-kontrol.

2.1. Sitwasyon

Bawat sitwasyon sa buhay ay pansamantala lamang. Sapagkat panandalian lamang ang mga bagay na nakikita, ngunit walang hanggan ang dinakikita (2Corinto 4:18).

2.2 Bagyo/ Panahon

Wala tayong kakayanang kontrolin ang panahon, ngunit si Hesus kaya Niyang pakalmahin ang dagat at bibigyan tayo ng "kapahingahan" na kailangan natin. Kaya, manatili lamang tayo. (Marcos 4:39).

2.3. Pananaw

Kailangan nating magsikap na maging positibo ang ating pananaw at matuto tayong baguhin ang ating ugali sa mga dumarating na pagsubok. Sinabi ni Hesus, "Mangyayari ang lahat sa may pananalig" (Marcos 9:23). Dagdag pa nito, ibinahagi ni Fr. Bong na nagbago ang kanyang pananaw noong nagsulat siya ng mga aklat tungkol sa mga *jokes at pun jokes*. Pagkatapos, isinasabuhay na niya ang kanyang turo na dapat laging masaya.

3. Binigyan tayo ng mga pamimilian. Makikita dito kung sino talaga tayo base sa ating pipiliin.

3.1. Ako ang mamumuno kung ano ang mararamdaman ko ngayon. Pipiliin kong maging masaya. "Ang Panginoon ang aking tagapagsanggalang, aking kalakasan, kaya naman ako ang pagtiwala sa kanya lamang". (Awit 28:7).

3.2. Mapalad ang mga nagtiwala sa Diyos. "...hindi ito nanganganib kahit dumating ang tag-init. Sapagkat mamamalaging luntian ang mga dahon nito." (Jeremias 17:8).

3.3. Minsan ang bunga ng ating pighati ay pagkaunawa sa ating layunin. Maaaring gamitin ng Diyos ang ating paghihirap para lumago ang ating pagkatao (Santiago 1:24).

3.4. Kapag napapagal, matutong magpahinga at huwag bumitaw. Sa Santiago 5:11: "Pinagpala ang nagtitiyaga at nagtitiis, tinuturuan tayo ng Diyos na maging matatag sa mga pagsubok/kahirapan."

Konklusyon:

Madalas akala natin mas magiging masaya tayo kapag nakamtan na natin ang mga minimithing hangarin o pangarap. Sa kasamaang palad, hindi nagtatagal ang ating kasiyahan. Kaya nga, kapag tayo ay nakabuo ng matibay na relasyon sa Diyos, mas nagiging masaya tayo anuman ang dumating na pagsubok at balakid. Hindi na tayo natatakot dahil alam natin kasama natin ang Diyos saan man tayo pumunta (Josue 1:9).

Pagninilay:

1. Sino at ano ang nagpapapasaya sa iyo ngayon?
2. Pinapayagan mo ba ang Diyos na kontrolin at baguhin ang iyong pananaw at ayusin ang iyong buhay? Paano?

Isinalin ni: Sis. Thess P.Sarmiento

Na-edit ni : Sis Nida Cruz

Inaprobahan ni: Sis. Vera I. Tuplano

For more teachings, visit our website:

<https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials>

Tags:#Kaligayahan#Paglalakbay#Pagtiwala